



IHSS

IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES

TELEPHONE TIMESHEET SYSTEM



Elektronikong Pagpapatunay ng Pagbisita (Electronic Visit Verification)

Sistema ng Timesheet sa Telepono ng IHSS (IHSS Telephone Timesheet System)

Pagpaparehistro ng Tagatanggap (Recipient Registration)

Para sa karagdagang tulong mangyaring makipag-ugnay sa Service Desk ng IHSS sa (866) 376-7066 Lunes hanggang Biyernes mula 8am hanggang 5pm.



Upang magparehistro para sa Sistema ng Timesheet sa Telepono (TTS) i-dial ang (833) DIAL-EVV o (833) 342-5388 at maririnig mo ang sumusunod na mensahe:

“Salamat sa pagtawag sa Sistema ng Timesheet sa Telepono ng IHSS. Mangyaring piliin ang iyong gustong wika sa mga sumusunod na mga pagpipilian, maaari mong gawin ang iyong pagpili sa anumang oras.”

Kasunod ng bawat idinidikta, gamitin ang iyong keypad upang maipasok ang impormasyong hiniling.

Para sa English, pindutin ang 1.

Para sa Spanish, pindutin ang 2.

Para sa Armenian, pindutin ang 3.

Para sa Chinese, pindutin ang 4.

Susunod, sasabihan ka ng TTS na pumili kung ikaw ay isang tagabigay o tagatanggap.

“Kung ikaw ay isang tagatanggap, mangyaring pindutin ang ‘1’, kung ikaw ay isang tagabigay, mangyaring pindutin ang ‘2’.”

Dadalhin ka na ngayon sa Main Menu.

“Ito ang Main Menu. Mangyaring pumili mula sa mga sumusunod na pagpipilian. Maaari mong gawin ang iyong pagpili sa anumang oras:

Pindutin ang 1 upang Mag-log in

Pindutin ang 2 upang I-reset ang iyong passcode

Pindutin ang 3 para sa Pagpaparehistro

Para sa susunod na seksyon kakailanganin mong magkaroon ng mga sumusunod na impormasyon na magagamit at handa.

- Ang iyong 6-na digit na code sa Pagpaparehistro.
 - Ang iyong code sa pagpaparehistro ay dati nang naipadala sa iyo. Kung hindi mo ito mahanap, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng county.
- Ang iyong numero ng tagatanggap.
 - Ang iyong numero ng tagatanggap ay dapat na 7-digit at maaaring matagpuan sa iyong paunawa ng aksyon.
- Petsa ng Kapanganakan.

Susunod, ididikta sa iyo ng TTS na:

“Upang Magpatuloy, pindutin ang 1.”

“Upang bumalik sa main menu, pindutin ang 9.”

“Kung wala kang Code sa Pagpaparehistro, mangyaring pindutin ang 0 para sa tulong.”

Kung pinindot mo ang 0 ikaw ay ililipat sa Service Desk ng IHSS.

“Gamit ang keypad ng iyong telepono, mangyaring ipasok ang iyong 6-na digit na code sa pagpaparehistro na susundan ng pound key. Ang iyong code sa pagpaparehistro ay naipadala sa iyo ng mas maaga sa petsa.”

“Mangyaring ipasok ang iyong 7-digit na numero ng kaso na susundan ng pound key. Ang iyong numero ng kaso ay matatagpuan sa anumang paunawa ng aksyon na iyong natanggap.”

“Mangyaring ipasok ang iyong petsa ng kapanganakan kasunod ng # key. Ang iyong petsa ng kapanganakan ay dapat na ipasok ng 2-digit sa buwan, 2-digit sa araw at 4-digit sa taon. Halimbawa, kung ang iyong kaarawan ay Mayo 12, 1976, kung gayon ipapasok mo ay 0 5 1 2 1 9 7 6. Mangyaring ipasok ang iyong petsa ng kapangangakan na susundan ng # key.”

Halimbawa: Mayo 01, 2019

Buwan: Mayo

Araw: 01

Taon: 2019#



Kung naipasok mo ng hindi tama ang mga numero, ipapaalam sa iyo ng TTS na ang impormasyon ay hindi tama hihilingin sa iyo na muling ipasok ang mga numero.

Kung ang mga numero ay muling naipasok nang hindi tama ang TTS ay hihilingin sa iyo na pindutin ang 0 para sa tulong. Ililipat ka sa Service Desk ng IHSS.

Kapag naipasok mo na ang tamang mga numero ay maririnig mo ang sumusunod na mensahe:

“Nakumpirma na ang iyong impormasyon. Ngayon ay gagawa ka ng iyong passcode. Ang iyong passcode ay isang 4-na digit na numero na gagamitin mo sa tuwing magla-log in sa Sistema ng Timesheet sa Telepono ng IHSS. Gamit ang iyong keypad sa telepono, ipasok ang 4-na digit na numero na nais mong gamitin bilang iyong passcode susundan ng # key.”

Tandaan na panatilihing ligtas ang iyong passcode at huwag ibahagi sa sinuman.

Kapag nakumpleto mo ang seksyon ng passcode ay maririnig mo ang:

“Binabati kita! Ang iyong pagpaparehistro ay kumpleto na, at nakarehistro ka na ngayon upang gamitin ang Sistema ng Timesheet sa Telepono ng IHSS. Dadalhin ka na ngayon sa Main Menu para mag-login o maaari kang mag-hang up upang tapusin ang tawag na ito.”

Maaari mo na ngayong gamitin ang iyong passcode at mag-navigate sa pamamagitan ng TTS upang suriin at aprubahan o tanggihan ang oras na nagtrabaho ng iyong tagabigay.

Mahalaga na ligtas ang iyong passcode at huwag ibahagi ang iyong passcode.

Tinatapos nito ang proseso ng Pagpaparehistro ng Tagatanggap ng EVV TTS. Tandaan na bilang isang tagatanggap ay maaari mo ring gawin ang mga sumusunod sa TTS:

- Suriin at gumawa ng aksyon sa anumang nakabinbing timesheet, at
- Suriin ang mga nakaraang naaprubahan o tinanggihang mga aksyon na iyong ginawa na timesheet para sa nakaraang 3 buwan.